Interested participants may get entry forms from any GSIS office nationwide or may download from the GSIS website at https://www.gsis.gov.ph/2019-gsis-national-art-competition. Details on rules and contest mechanics can also be checked via GSIS website at www.gsis.gov.ph or can call the following numbers: (02) 8590395, 4793588 or 0915-1351752.

The deadline for submission of entries is on May 4, 2019, from 8:00am to 5:00pm at the GSIS Head Office, Financial Center, Roxas Boulevard in Pasay City. **(PIA InfoComm)**


## BUHAY-KARERA

MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com



# BENISSIMO, NAKAISA!

Walang edad- edad para sa kabayong si Benissimo kahit pa siya'y labing apat na taong gulang na, dahil kapag oras na pinabayaan ninyo na makapag dikta siya ng ayre na magsosolo sa harapan ay humabol na ang kanyang mga kalaban lalong- lalo na sa grupong kinalalagyan niya sa kasalukuyan. Sumegundo sa kanya ang nagpumilit na humabol o makalapit man lang ang liyamado sa lahat na si Big Big Brown, tumersera si Pintados na nakitaan ng magandang galaw. Samantala, hugandong nagwagi ang outstanding favorite na si Dragon Butterfly sa penultimate race at sa husay ng pagkakapanalo nila ng kanyang hineteng si John L. Santiago ay tiyak na makakasungkit pa ng panalo sa susunod na kanyang pagtakbo. Sumegunda sa kanya si Rochelle at tersero si Sunshot. Sa huling takbuhan naman ay animo'y outstanding favorite din ang nangunang si River Mist na sinakyan ni Onald Baldonido dahil walang anuman na dinaanan ang kanilang tatlong nakalaban habang nasa unahan sina All For Mama, Dixie Storm at Cole Is Bright bago pumasok sa ultimo kuwarto (400 meters). Pag pasok sa huling diretsahan ay lumayo pa ng husto si River Mist. Medyo kuwestiyonable dahil sa hindi kagandahang itinakbo nung paborito sa mga paratingan na si Dixie Storm, ano nga kaya ang dahilan sa naipakita niyang kapirasong pag- eksena sa unang kalahati ng distansiyang pinaglabanan? Mabuti pa sina Melody's Diamond, Cole Is Bright at All For Mama ay naging sulit ang kanilang naipakita sa mga pumili o tumaya sa kanilang tatlo.



**Maligayang Kaarawan kay JIMMY HAO (photojournalist) April 05,2019**

**Bumabati ang mga kaibigan mula sa Media at higit sa lahat si Virgie Hao**

HANEP SHOWBIZ

# RITA DANIELA, PINAGPALA



**NEXT month nakatakda ang concert ni Rita Daniela at siyempre kasama si Ken Chan.**

Hindi naman maikakaila na tunay na naging patok ang tambalan ng dalawa bilang BoBrey o Boyet at Aubrey sa kanilang katatapos na teleseryeng My Special Tatay.

Kaya naman ang kanilang nalalapit na pagtatanghal ay may titulong My Special Love,#BoBreyinConcert.

Ito ay gaganapin sa Mayo 11 sa ganap na alas-8:00 ng gabi sa Music Museum, Greenhills.

Sa pagganap bilang Aubrey sa My Special Tatay ay napakarami ang nabago kay Rita.

Number one siyempre ay ang mas pag-angat ng career ng singer/actress.

Mayroong special din na nararamdam si Rita sa kanyang pagganap bilang si Aubrey.

Naramdaman ni Rita ang kanyang kahalagahan para sa ibang tao.

What I mean, because of being Aubrey sa My Special Tatay ay umani si Rita ng mga tagahanga.

Tagahangang tunay na sinubaybayan siya at talaga namang minahal.

In other words ay nakapag-create si Rita ng sarili niyang fans.

Binigyan ng time at importansiya ng fans si Rita which is siya pa ang nakakatanggap ng iba't ibang blessings mula sa kanyang mga tagahanga.

Natural ay sadyang masarap iyon sa pakiramdam dahil alam mong may mga nagmamahal sa iyo.

Ang lahat ng mga iyon ay labis namang pinapahalagahan at lalo pang pahahalagahan ni Rita.

Kaya naman masasabi natin na itong si Rita ay talagang tunay na pinagpala.

Granted ang mga wish at prayers ni Rita dahil makikita naman sa kanya ang kababaang loob.

Alam ba ninyong si Rita ay isang Christian member at aktibo siya sa kanilang simbahan.

Nakakatuwa ano po, sa pagiging isang Christian ay nagampanan ni Rita nang ubod husay ang kanyang papel bilang Aubrey na isang 'pokpok' o nagbebenta ng katawan o panandaliang aliw sa naturang teleserye.

Well, kung husay lang naman sa acting ay hindi na natin pagtatakahan dahil nasa dugo naman ni Rita.

Sa mga fans ni Rita, binabati ko kayo sa pagpili sa kanya bilang inyong hahangaan at susuportahan.

Wait po kayo sa Kapuso network para sa proyekto kay Rita or sa BoBrey.

Congrats din kay Ken 'Boyet' Chan sa kanyang husay sa katatapos na teleserye.

@@@

**PAKIKIDALAMHATI KAY ATE VI**

Last April morning nang pumanaw ang ina ni Batangas Congresswoman Vilma Santos-Recto.

Ang kanyang inang si Milagros Santos ay sumakabilang buhay sa edad 93.

Ang pakikidalamhati ay ating ipinaabot kay Ate Vi sampu ng kanyang pamilya.



# Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

**(ika- 111 labas)**

**LALONG** mistulang pumapalakpak ang mga tainga ni Kardo sa mga naririnig.

"Mabuhay si Mayor Kardo…Mabuhay si Mayor Kardo…"

Ganyan ang kanyang mga naririnig noong siya ay kumakandidato pa sa barangay at konseho.

Kaya naman ang mga naturang kataga ay tila nagbibigay ng mensahe para kay Kardo sa kanyang ikapapanalo.

"Saan ka pupunta? Ilang sandali na lang at magsisimula na ang bilangan ah."

Natapos ang kampanyahan at dumating ang araw ng mismong botohan.

Kagaya ng mga nauunang eleksiyon, kapag papatapos na at magsisimula na ang pagbibilangan ay aalis muna si Kardo.

Hindi alam ni Kardo kung ano ang isasagot niya sa kanyang misis.

Kasi naman ay hindi rin naman talaga alam ni Kardo kung saan siya pupunta.

"Bahala na kung 'san mapapadpad, ikaw naman parang 'di mo pa ako kilala at kabisado."

Hindi na nagtanong si Inday dahil alam niyang wala rin namang maisasagot si Kardo.

Pagtapos ng bilangan at pagbalik ni Kardo ay doon lamang ito magsasabi kay Inday kung saan namalagi habang nagbibilangan.

Si Lyka ang unang nasa isip ni Kardo na pupuntahan at doon na lang muna magpapalipas ng oras.

Pero sa mga sandaling iyon ay nagdadalawang isip si Kardo para pumunta kay Lyka.

"Ang sasakyan, 'di mo ba dadalhin? Ang susi 'ayun sa ibabaw ng ref."

Papalabas ng bahay si Kardo nang mapansin ni Inday na hindi niya bitbit ang susi ng sasakyan.

"Magtataksi na lamang ako."

Iyon lang ang itinugon ni Kardo sa kanyang esposa na pagkatapos dampian ng halik ay umalis na siya.

"Mayor…Mayor…Mayor…"

**(Itutuloy)**




**(Ika-3 labas)**

**LIHIM** na natatawa si Cecile habang pinagmamasdan si Bernie na napapanganga pa sa pagkakatitig sa umaangat na gate gawa ng remote control.

Mas lalong nagulat si Bernie nang makapasok na sa bahay ni Cecile.

Katamtaman lamang ang laki ng bahay pero ang mga kasangkapan ni Cecile ay pawang nakakalula.

Mamahalin ang mga gamit subalit hindi alam ni Bernie ang presyo o halaga ng mga iyon.

Bawat gamit o kasangkapan sa loob ng bahay ay isa-isang tinititigan ni Bernie.

"Mabuti at gising ka pa Cora, pwede bang maghanda ka muna ng makakain kasi gutom na 'tung pamangkin ko."

Itinuro ni Cecile si Bernie na labis na nagtataka kung bakit siya ipinakilala bilang pamangkin.

Tumalima si Cora para makapaghanda ng pagkain at si Bernie ay niyaya ni Cecile sa kusina.

"Cora 'yung guest room ay pakiayos naman ha, 'dun matutulog ang pamangkin ko."

Muling narinig ni Bernie kay Cecile ang salitang pamangkin gayung hindi naman sila magkamag-anak.

Hindi iniiwan ni Cecile sa kusina si Bernie dahil baka magkaroon ng pagkakataon si Cora.

Maaaring mag-usisa o magtanong si Cora kay Bernie kung paano naging magkamag-anak ang dalawa.

"Bakit ako lang ang kumakain? Eh kayo po, 'di ba kayo kakain din?"

Hot milk lamang ang iniinom ni Cecile at ipinaliwanag niya kay Bernie na kapag gabi ay hindi na siya kumakain.

"Sige Cora bahala ka na magligpit dito sa kusina ah, pagtapos ay matulog ka na."

"Aakyat na kami ng pamangkin ko para makapagpahinga 'tung bata at pagod sa biyahe."

Tumango lamang si Cora at tanaw-tanaw niya sina Cecile at Bernie papaakyat.

"Ah si Cora ba, siya ang kasama ko rito sa bahay. Kaming dalawa lamang at 'di ko siya itinuturing na katulong."

"Sa locker's room s'ya natutulog, 'dun sa ibaba pero maayos at maganda ang kanyang silid."

Hindi nakatiis si Bernie at napilitang magtanong kay Cecile tungkol kay Cora.

Ang hindi lamang maitanong ni Bernie ay kung bakit pamangkin ang pakilala ni Cecile sa kanya.

"Wow…totoo ba ito?"

**(Sundan)**

# 'EBAK, PASALUBONG' KAY SHERIFF

**MISTULANG binigyan ng pasalubong gayunman ay' ebak' o dumi ng tao ang natanggap ng isang Sherrff habang magsisilbi ng Writ of Demolition sa Dasmarinas City, Cavite kamakailan.**

Kinilala ang biktima na si Wilmar Mendoza De Villa, 57, may-asawa, Sheriff ng RTC Branch 21, Imus City at residente ng Block 8 Lot 23 Addas, Townomes, Brgy Salinas 1, Imus City.

Arestado naman ang isang suspek na si Gilbert Reyes, 54, may-asawa, ng Brgy. Langgam, San Pedro, Laguna habang inaalam pa ang pagkakakilanlan ng dalawa nitong kasamahan na tumakas matapos ang insidente.

Sa ulat ni P/Msg Roando Paulo Figueroa, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas- 12:30 ng tanghali nang isilbi ni Sheriff De Villa ang isang Writ of Demolition sa bahay ng isang Marcelo Andaya sa Sitio Kabuhan., Brgy Paliparan 2, Dasmarinas City.

Subalit bago pa man maisilbi ang nasabing Writ of Demolition, inatake na siya ng tatlong katao na may dalawang plastic bag na naglalaman ng dumi ng tao at isinaboy sa biktima.

Hindi naman nasabuyan ang ibang demolition team maliban sa biktima.

Naaresto naman si Reyes habang nakatakas ang dalawa nitong kasamahan.**GENE ADSUARA**

# PAO asks SC to consolidate Dengvaxia cases in QC court

**MANILA —** The Public Attorney's Office (PAO) on Thursday asked the Supreme Court (SC) to consolidate before one court the criminal and civil cases in connection with the deaths allegedly arising from the Dengvaxia anti-dengue vaccine.

In a 25-page suit, families of victims whose criminal complaints were among the initial batch of criminal cases ordered by the Department Justice (DOJ) filed before various courts with the help of the PAO asked the tribunal that the cases instead be transferred and consolidated before the Family Court of Quezon City.

The cases are now pending before the Quezon City Metropolitan Trial Court (MeTC); San Pedro, Laguna Municipal Trial Court (MTC); Muntinlupa City MeTC; Balanga, Bataan MTC; and Caloocan City MeTC.

The PAO also sought the designation of a special court under the Quezon City Regional Trial Court to hear and decide on Dengvaxia civil cases.

PAO chief Persida Rueda-Acosta said she sees more cases filed in the coming days and informed the SC that the office has already identified 120 deaths in connection with Dengvaxia.

"Considering the declaration of Sanofi of the adverse effects of the Dengvaxia vaccine, there is a great probability that more deaths will occur in the succeeding days, thus, the filing of more cases involving death of Dengvaxia recipients is not remote," Acosta said.

"Neither undue advantage to nor prejudice to the substantial rights of any of the parties will result from joining the trial of the instant cases. On the contrary, all parties, both the prosecution and the defense, as well as the court, will benefit from conducting a joint trial as it will save them time, expense and hardship entailed in conducting multiple trials in various courts spread in three judicial regions, and in repeatedly presenting/evaluating witnesses and evidences intended to prove one and the same fact," she added.

About 833,000 schoolchildren from indigent families underwent inoculation even as the vaccine was still under clinical trial phase 2 and without the appropriate screening and blood tests. Around 12,000 police officers were also vaccinated.

As of Wednesday, the PAO forensic team has already examined the cadavers of 129 Dengvaxia recipients who exhibited a common pattern of having had no clinical history of dengue infection except for one victim.

In all the deaths, the victims also had not been hospitalized prior to vaccination and became sick immediately after vaccination anywhere between a day after or up to three or four months and had to be hospitalized after complaining of headache, abdominal pain, fever, loss of appetite, rashes and difficulty of breathing.

The vaccine recipients died as early as seven days and up to 31 months after the vaccination of up to three doses of the Dengvaxia vaccine. ***(PNA)***

# DOH TURNS-OVER EQUIPMENTS FOR MALARIA ELIMINATION HUBS IN CALABARZON



**DOH CALABARZON** Regional Director Eduardo C. Janairo hands over the stereoscope microscope to Dr. Gilberto P. Ilog, Provincial Health Officer of Cavite and one of the recipients of equipment donated by the regional office for use in the Malaria Elimination Hub located in the province during the turn-over ceremony held at the BSA Towers, Ortigas Center in Mandaluyong City on March 20, 2019. **BOY NAMORA**

To further improve the Malaria service in the region, DOH-CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) provided equipment to the five Malaria Elimination Hubs located in the provinces to be used for diagnostic and entomological training, quality assurance, and research and development.

"We will continue to provide all the support needed in the fight against Malaria to attain our objective of eliminating malaria by 2020 or the sooner the better. There are still three provinces in the region still to be declared and we will ensure that every resident of these affected municipalities will be malaria-free," Regional Director Eduardo C. Janairo stated during the turn-over ceremony held at the BSA Towers, Ortigas Center, Mandaluyong City.

'We need to have reliable diagnosis, highly effective and appropriate treatment and preventive measures to implement malaria interventions," he emphasized.

He also reminded local health officials to make sure that the donated equipments will also have funds for preventive maintenance and preservation. *"It is importante na hindi mapabayaan at bigyan natin ng halaga lahat ng mga kagamitan na ating mga natatanggap dahil ang mga ito ay napakaimportante sa ating trabaho, lalu na at nagagamit natin ito to ensure quality malaria services, timely detection of infection at immediate response."*

Among the equipments donated were stereoscope microscope, desktop computer package with printer and uninterruptible power supply (UPS), chinstrap, coverall, faceshield, global positioning system (GPS), gloves, hard hart, visor bracket and carabao bait trap (CBT).

In CALABARZON, only two provinces were declared as Malaria free namely, Cavite, and Batangas.

According to the 2018 Malaria status, there is a total of 4,933 cases reported. From this figure, 4,847 were local cases and 86 were imported cases. The National Capital Region has 27 confirmed cases and CALABARZON has 7 confirmed cases recorded. Palawan accounts for 94% of the cases.

Malaria Elimination Hubs are established in epidemic-risk and malaria free provinces/cities with the responsibility of overseeing and sustaining malaria-free status of different respective provinces and cities.

The hubs will ensure anti-malaria interventions in areas with stable and unstable transmission of malaria, and shall sustain provisions of anti-malarial diagnostic, treatment and preventive measures in epidemic-risk, malaria-prone and malaria-free areas. It will also ensure that anti-malaria services are accessible to all clients and community members even in malaria-prone or malaria-free areas.

The Philippines envision the country to be Malaria Free Philippines by 2030. The goal is to reduce malaria incidence in the Philippines by 90% in 2022.

Currently, there are 50 provinces declared as malaria free, 27 provinces in various malaria stage elimination and 4 provinces with Malaria cases recorded according to the National Malaria Elimination Program. **BN**

CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo**
**sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St.**
**corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza**
**Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/**
**0918-6174067**

# SC TO PROBE JUDGES ON 'NARCO-LIST'

**MANILA — The Supreme Court (SC) said it will act on reports about judges who are on the government's list of protectors of the illegal drug trade.**

In a statement, the SC said Associate Justice Diosdado Peralta has been tasked to communicate and coordinate directly with the Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) for the list of judges linked to the illegal drug trade.

"This will pave the way for a formal fact-finding and administrative investigation by the Supreme Court. The Supreme Court, like in the past, will and shall not tolerate any illegal or corrupt activities within its ranks," the SC said.

At least 13 judges and 10 prosecutors are supposedly on the narco-list.

Two years ago, the SC initiated a probe on the first batch of judges on the narco-list — Exequil Dagala of the Dapa-Socorro, Surigao Municipal Circuit Trial Court; Adriano Savillo of the Iloilo City Regional Trial Court (RTC); Domingo Casiple of the Kalibo, Aklan RTC; and Antonio Reyes of the Baguio City RTC.

Dagala was cleared of allegations of involvement in the illegal drug trade, but he was ordered dismissed by the High Court in September 2017 for immorality and gross misconduct.

Savillo and Casiple were likewise cleared of involvement in illegal drugs.

Meanwhile, the SC ordered in February 2017 the filing of administrative charges against Reyes for corruption for allegedly dismissing a drug case in exchange for a sum of money. ***(PNA)***

# Environmental fund, isusulong

**MAGBIBIGAY** ng karagdagang trabaho sa barangay ang isinusulong na batas ng isang environmental group.

Ayon kay Jose "Bong" Joson Teves, Jr., ng Talino at Galing ng Pilipino (TGP) Partylist, isusulong ng kanilang grupo ang karagdagang 5 percent environmental fund para sa Local Government Unit sa probinsiya, munisipalidad at barangay upang maipatupad na maayos ang Republic Act 9003 o ang Ecological Solid Waste Management Act of 2000.

Paliwanag ni Teves na ang paghihiwalay ng recycle materials ay kinakailangang umpisahan sa bahay pa lamang.

Dagdag pa ni Teves na kinakailangang magkaroon ng sariling pondo ang barangay para sa environment na galing sa national budget o tinatawag na Environmental Fund na ibibigay lamang sa LGU.

Gagamitin ang nasabing environmental fund sa pagbili ng sasakyan upang mahakot ng basura sa mga bahay-bahay at ang mga recycle materials ay maaring ibenta na magsisilbing pondo ng barangay.

Gagamitin din ang nasabing environmental fund para sa pagpapagawa ng isang sanitary landfill. **GENE ADSUARA**



Governor Boying celebrates birthday with constituents: The locals and public officials of the municipalities of Amadeo, Indang, Tanza and Trece Martires City welcomed Governor Boying Remulla on March 31, 2019 to their towns as they expressed their warm birthday greetings to the father of the province who humbly celebrated with his constituents. In Amadeo, Saint Mary Magdalene Parish priest Fr. Chavs led the holy mass, where the people gathered for prayers of safety and good health for Governor Remulla, as well as for hopes of a peaceful 2019 local elections. The governor visited the four towns and thanked the people for wishing him well on his birthday. He also thanked other guests including his brother Governor Jonvic Remulla, his son Indang Municipal Councilor Ping Remulla, the team of Tanza Mayor Yuri Pacumio, Amadeo Mayor Rading Viado, Sangguniang Bayan members and former Administrator for Community Affairs Engr. Redel John Dionisio.—PICAD

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 23**
**TRECE MARTIRES CITY**

**EAST WEST BANKING CORPORATION**
Mortgagee,

-versus-

**FORECLOSURE CASE NO. F-038-19**

**RESTY BAUTISTA RAMOS,**
**Represented by his Atty.-in-Fact**
**REGINA RAMOS PAED**
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **EAST WEST BANKING CORPORATION**, with business address at East-West Corporate Center, The Beaufort , 5th Ave., cor 23rd St. Bonifacio Global City, Taguig City against the mortgagor **RESTY BAUTISTA RAMOS, represented by his Atty.-in-Fact REGINA RAMOS PAED,** with residence and postal address at 421 Pavia St., Tondo Manila and/or Block 2A, Lot 7, Kensington 17, Brgy. Navarro, Gen. Trias City, Cavite, to satisfy the mortgage indebtedness which as of December 28, 2018 amounts to **ONE MILLION TWO HUNDRED SIXTY TWO THOUSAND SIX HUNDRED SIXTY FIVE PESOS & 51/100 (Php 1,262,665.51)**, Philippine Currency inclusive of interest and penalty charges as of said date but excluding the foreclosure and other necessary expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **May 21, 2019** at 10 o'clock in the morning at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for **CASH** and in the Philippine Currency, the following described property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2017039033**

**Lot No. 7** **Block: 2A** **Plan No. Psd-04-231268**

**Portion of:** Lot 1725, San Francisco de Malabon Estate (FRS-04-005312)

**Location:** Barangay of Navarro, Municipality of Gen. Trias, Province of Cavite, Island of Luzon

**Boundaries:**

| LINE | DIRECTION | ADJOINING LOT(S) |
|---|---|---|
| 1-2 | SE | Lot 8, Block 2A, Psd-04-231268 |
| 2-3 | SW | Lot 9, Block 2A, Psd-04-231268 |
| 3-4 | NW | Road Lot 2 , Psd-04-231268 |
| 4-1 | NE | Lot 5, Block 2A, Psd-04-231268 |

**Area: SEVENTY TWO SQUARE METERS (72), more or less**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **May 28, 2019** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoyed to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance thereon, if any there be.

Trece Martires City, **March 19, 2019**

**LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

**COPY FURNISHED:**
**ONA PAMFILO & BUBAN LAW OFFICES**
Counsel for the Mortgagee
6th Floor, EastWest Corporate Center
5th Ave cor 23rd St., Bonifacio Global City,
Taguig City 1634

**MR. RESTY B. RAMOS**
**MS. REGINA R. PAED**
421 Pavia St., Tondo Manila and/or
Block 2A, Lot 7 Kensington 17, Brgy. Navarro, Gen. Trias City, Cavite

**Publication: HANEP** March 25, April 1 and 8, 2019

# MAGTATAHO, ARESTADO SA REKLAMO NG ESTUDYANTE

**ARESTADO ang isang 24-anyos na taho vendor nang naglabas ng ari at nagsariling pagpaparaos habang nakatapat sa isang estudyante sa harapan ng kanilang terrace sa GMA, Cavite.**

Nakakulong sa GMA Custodial Center ang suspek na si John Mark Anza, may live-in partner, ng Block 40 Lot 8 Brgy Malia, GMA dahil sa reklamo ni Nicole, 18, estudyante, ng GMA.

Sa reklamo ni Nicole kay PSSg Bobbie Balazo, ng GMA Municipal Police Station, naglilinis siya ng kanilang aquarium sa terrace ng kanilang bahay nang napansin ang suspek na nakatayo sa harapan ng kanilang bahay .

Ilang sandali pa ay naglabas na ng ari ang suspek at ipinakita sa biktima saka isinagawa ang pagsasariling pagpaparaos.

Nagsumbong ang biktima sa kanilang barangay kaya nagsagawa ng follow up ang mga miembro ng Bantay Bayan ng Brgy. Malia na nagresulta sa pagkakaaresto sa suspek dakong alas-3:30 ng madaling araw.

Indecent Exposure and Unjust Vexation ang isinampang kaso laban sa suspek. **GENE ADSUARA**

# CSC commends Legazpi police for efficient service

LEGAZPI CITY — The Civil Service Commission (CSC) regional office here on Tuesday commended the Legazpi City Police Station (LCPS) for providing efficient service to the public.

CSC regional director Cecilia Nieto, in an interview, said the commendation was given after CSC Commissioner Aileen Lourdes Lizada arrived in this city last March 20 and together with her team, went incognito to visit some government agencies and local government unit offices.

"The main goal is to conduct a spot check to determine the kind of frontline service these agencies provide to their clients," Nieto said.

She relayed that the commissioner and her group went to the city police station and presented themselves as tourists who lost their belongings. The policemen, she noted, immediately took action and investigated the incident.

Legazpi chief of police, Lt. Col. Aldwin Gamboa, in a separate interview, said he is very thankful to the men and women of the Legazpi police for giving the service the people deserved.

"Ito ay dahil sa inyong pagseserbisyo, kayo ang nasa front line of service so let's continue the good impression of the people and patuloy natin gawin ang ating mga trabaho nang naayon sa gusto ng ating mga kliyente (This (award) is because of your service, you are in the frontline of service so let's continue doing our job according to the needs of our clients)" he said.

Gamboa assured the CSC that they will continue giving good service to the people of Legazpi.

"We are here every day, to do what is needed to be done — to serve and protect the people," he added.

Nieto awarded Gamboa a certificate of commendation in a short ceremony held at the LCPS.

She noted that in some agencies where Commissioner Lizada and her team went, they noticed employees who were not working but were only using mobile phones and browsing through Facebook during office hours.

She said that the unannounced and incognito visits, according to Lizada, was not intended to put any agency down.

"This is intended to improve the feedback mechanism, to improve the service. The public needs to have, and must have the kind of service that we ought to give them," the commissioner said.

Lizada was the keynote speaker during the 9th Gender Forum in Legazpi City last March 21. *(PNA)*

# 188 pulis sa Romblon na-promote

ROMBLON, Romblon (PIA) — Kabuuang 188 na kawani ng PNP Romblon ang tumanggap ng promosyon at pormal na nanumpa sa kanilang bagong ranggo.

Ang mass oath taking at donning of rank ay ginanap sa Romblon Police Provincial Office (RPPO) ground at pinangunahan ni Police Colonel Arvin T. Molina, provincial director ng RPPO.

Ang nagsilbing guest speaker naman sa okasyon ay si Vice Governor Jose R. Riano at sinaksihan din ng mga kapamilya ng mga pulis na nabigyan ng promosyon.

Sa mensahe ni PNP Provincial Director Molina sa harapan ng mga bagong promote na pulis, kanyang sinabi na ang nakamit nilang promosyon ay patunay ng kanilang mahusay na pagganap sa tungkulin at ang pag-angat ng ranggo sa kanilang hanay ay pagdagdag rin ng responsibilidad para mapangalagaan ang seguridad at katahimikan ng pamayanan.

Sa pag-angat aniya ng mga ranggo ay panibagong responsibilidad ang haharapin ng isang alagad ng batas kaya dapat manatiling tapat ang mga ito sa mga sinumpaang tungkulin tungo sa isang serbisyong makatotohanan.


Ang mga na-promote na Police Non-Commissioned Officers (PNCOs) ay kinabibilangan ng anim na Police Executive Master Sergeant, tatlong Police Chief Master Sergeant, tatlong Police Senior Master Sergeant, walong Police Master Sergeant, 91 ay Police Staff Sergeant at 77 ang naging Police Corporal.

Ayon kay Police Captain Ledilyn Y. Ambonan, spokesperson ng Romblon PPO, ang nasabing promotion ceremony ay sabayang ginanap sa buong bansa.

Ayon sa pamunuan ng Romblon PPO, may pitong pulis ding taga-Romblon ang na-promote sa pamamagitan ng lateral entry kung saan opisyal na iginawad ang kanilang promosyon ng Police Regional Office MIMAROPA sa Camp Efigenio C. Navarro, Lungsod ng Calapan.

Ito ay kinilalang sina Police Lieutenant Rosie Galus, Police Lieutenant Eric Herald Faigao, Police Lieutenant Jerson Mapola, Police Lieutenant Mark Anthony Encarnacion, Police Lieutenant Rio Frane at Police Lieutenant Albert Jure Fernandez.(PJF/DMM/PIA-MIMAROPA/Romblon)





INIINSPEKSYON nina Sec. Roy Cimatu ng DENR, Sec. Eduardo Ano ng DILG, MMDA Chairman Danny Lim, CENRO-P'que City na pinamunuan ni Bernie Amurao, USec. Benny Antiporda (DENR), Mayor Edwin L. Olivarez, supporter ng World Water Day Celebration, "Bayanihan sa Ilog ng P'que, Battle for River and Esteros Clean-up, kasama rin si Barangay Captain JUN SAIDE, Sec. Boyeth Rivera ng Brgy. Baclaran, at ang mga tauhan ng PCP-1 sa pamunuan ni P/CI Ohmar Ramos Bognot PCP-1 Commander, ang kahabaan ng creek ng Sto. Nino at Sitio San Juan sa Paranaque City na napakaraming tambak ng basura na kung saan bumabaha tuwing malakas ang ulan. Nilalayon nito na maisalba ang nasabing creek. JIMMY HAO

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

## KALIBRE



**ROMY SANTOS**

0977-7844136

# Nabibili ba ang batas?

**KAPAG** panahon ng eleksiyon ay uso ang pagsasagawa ng kapulisan ng checkpoint.

Mayroon pang isang uso tuwing panahon ng kampanyahan o nasa campaign period na.

Bakit isinasagawa ang police checkpoint o ang oplan sita?

Kasi nga po ay dahil umiiral ang gun ban.

Ang argabyado o mas napeperwisyo dito ay ang mga nagmamaneho ng single motorcycle.

Kapag napadaan sa checkpoint o oplan sita, ang hanap sa driver ay ang lisensiya at rehistro ng motorsiklo.

Sakaling kumpleto ay may ilan pulis sa checkpoint o oplan sita na humahanap ng 'butas' sa rider.

Sige at may lisensiya at papel ang motor, kaya lang ay hindi nakasuot ng helmet at may iba pang paglabag kaya ano na ang magiging kasunod?

Maaaring matitikitan ang isang rider o puwedeng makukuha na lamang sa 'areglo.'

Ang punto, hindi sa gun ban nakasentro ang ipinatutupad na checkpoint o oplan sita kasi nga lisensiya at rehistro ang mga unang hinahanap.

Doon muna tayo sa kampanyahan, hindi ba kaliwa't kanan ang nakikita nating motorcade ng iba't ibang kandidato.

Santambak na nakamotorsiklo ang kasama sa parada na pansinin ninyo na halos lahat ay walang suot na helmet at may ilan na nakasando at shorts lamang.

Malinaw na may paglabag na ang mga ganitong klaseng rider na sumasama sa parada ng kandidato.

Ano kaya at harangin sila ng ating kapulisan sa mismong parada o motorcade at lahat ay isyuhan ng ticket na mayroong paglabag.

Dapat nga pati ang kandidato ay isama sa pagsasampa ng kaukulang kaso kasi kinukunsinti niya o nila ang kanya o kanilang mga kasamang nagmomotorsiklo na walang suot na helmet o iba pang paglabag.

Puwera na lamang kung exempted sila sa pagsusuot ng helmet kapag nasa motorcade o parada, hehehe.

Tama ba Pareng Rudy?

Kunsabagay may eleksiyon o wala ay napakaraming matitigas na ulo, rider man o wheels driver.

Ang tanong kasi, bakit ang lalakas ng loob nilang magmaneho ng motorsiklo o sasakyan man sa kabila na walang lisensiya o walang rehistro?

Malambot ba ang batas o may kahinaan ang nagpapatupad ng batas?

Higit sa lahat, nabibili ba talaga ang batas?

Ulitin ko, mas marami kasi ang hindi kumikilala o bumabastos sa batas.